



This is an important document, please have it translated.  
Este documento importante requiere respuesta pronto.  
Por favor téngalo traducido.  
رجاء تليق هو يترجم. يتطلب هذا وثيقة مهمة إستجابة متأنية.  
Điều này đòi hỏi một tài liệu quan trọng nhanh chóng trả lời.  
Xin vui lòng nó có phiên dịch.  
此份文件非常重要,請立刻回覆。

## IPAPATUPAD ANG MGA BAGONG REGULASYON SA PAGPAPAUPA sa Marso 31, 2016

Ipinasa kamakailan ng Konseho ng Alameda City ang mga bagong regulasyon hinggil sa mga pagtataas at limitasyon ng mga upa sa ilang partikular na pagpapaalis sa pwesto sa Lungsod. Ang mga bagong regulasyon, na ipapatupad sa Marso 31, 2016, ay makikita sa website ng Lungsod:  
<http://alamedaca.gov/city-hall/rent-review-advisory-committee-rrac>

Simula sa Marso 31, 2016, mayroon nang mga bagong kinakailangan hinggil sa mga sumusunod:

- ✓ Pagbibigay-abiso sa mga pagtaas ng upa
- ✓ Pag-aalok ng mga pagpapaupa
- ✓ Pagtataas ng upa nang higit 5%
- ✓ Pagbibigay-abiso sa pagtapos sa kontrata ng pangungupahan
- ✓ Pagbibigay ng tulong sa relokasyon kaugnay ng ilang partikular na pagtapos sa kontrata ng pangungupahan
- ✓ Pagkakaroon ng Capital Improvement Plans (Mga Plano sa Pagpapahusay sa Kapital) kaugnay ng mahahalagang rehabilitasyon ng mga papaupahang unit

Basahin ang pangalawang pahina para sa higit pang mga detalye.

..... **May mga tanong ka ba?** .....

**Dumalo sa isang Pang-edukasyong Workshop  
upang Madagdagan ang Kaalaman!**

Para sa mga petsa, oras at pagpaparehistro, puntahan ang website sa ibaba.

**Mangyaring puntahan ang website para sa  
karagdagang impormasyon.**

**[www.alamedarentprogram.org](http://www.alamedarentprogram.org)**

## Pangkalahatang-ideya ukol sa Mga Regulasyon na Ipatatupad sa 3-31-16

### Mga Paghihigpit sa Mga Pagtataas ng Upa

- Isang beses lang maaaring taasan ang upa sa bawat 12 buwan
- Walang limitasyon sa mga pagtataas ng upa
- **Kinakailangan: Para sa mga pagtaas ng upa nang higit 5%**
  - Dapat maghain ng abiso ang mga nagpapaupa sa Program Administrator
  - Ang mga pagtaas ng upa nang higit 5% ay susuriin ng Rent Review Advisory Committee (Komiteng Tagapayo sa Pagsusuri sa Pagpapaupa).
  - Kung hindi sasang-ayon ang isang Nagpapaupa o Nangungupahan sa rekomendasyon ng Rent Review Advisory Committee, at kapag ang pinapaupahang unit ay isang pinapaupahang unit para sa maraming pamilya na naitayo bago ang Pebrero 1995, maaaring magsumite ng petisyon ang alinmang partido upang hilinging pagpasyahan ng isang walang pinapanigang opisyal sa pagdinig kung gaano ang itataas ng upa. Ang magiging pasya ng opisyal ay dapat sang-ayunan ng dalawang partido. Para sa lahat ng iba pang mga pinapaupahang unit, ang rekomendasyon ng Rent Review Advisory Committee ay kinakailangang sundin.
- **Para sa mga pagtaas ng upang nang o mababa sa 5%**
  - Maaaring ipasuri ng mga nagpapaupa sa Rent Review Advisory Committee ang kanilang tataasang upa. Hindi kinakailangang sundin ang rekomendasyon ng Committee.

### Mga Limitasyon sa Pagtapos sa Kontrata ng Pangungupahan\*

- Para sa Makatwirang Pagtapos sa Kontrata ng Pangungupahan
  - Pinapayagan ang pagtapos sa kontrata ng pangungupahan para sa ilang partikular na dahilan, gaya ng hindi pagbabayad ng upa, paglabag sa kontrata ng pagpapaupa
  - Hindi kailangang magbayad ng mga singilin sa reloksyon para sa mga naturang pagtapos
  - Walang limitasyon sa halaga ng upa para sa isang bagong nangungupahan
- Pagtapos sa Kontrata ng Pangungupahan nang Walang Kinalaman ang Nangungupahan
  - Pinapayagan ang pagtapos sa kontrata ng pangungupahan kapag walang kinalaman ang nangungupahan, tulad ng paglipat ng may-ari
  - Kailangang bayaran ang mga singilin sa reloksyon
- Walang Dahilang Pagtapos sa Kontrata ng Pangungupahan
  - Pinapayagan ang pagtapos sa kontrata ng pangungupahan nang walang dahilan
  - Kailangang bayaran ang mga singilin sa reloksyon
  - Ang halaga ng upa na iaalok sa isang bagong nangungupahan ay hindi dapat mas mataas nang 5% sa dating upa ng nangungupahan
  - May limitasyon sa bilang na maaaring payagan ang “walang dahilan” na pagtapos sa kontrata ng pangungupahan kada taon

\*Mangyaring sumangguni sa Ordinance 3148 para sa kumprehensibong pagpapaliwanag sa mga limitasyon

Hindi nagkakaloob ang Housing Authority ng City of Alameda ng legal na tulong. Ang bawat nagpapaupa at nangungupahan ay may karapatang humingi ng tulong sa isang abugado hinggil sa anumang mga usapin o dokumentong nauugnay sa mga partikular na pangyayari.